



Update sa cup By-law #2 -

Inaatasan ang mga negosyong tumanggap ng mga reusable cup ng mga kostumer sa pagsapit ng Hulyo 1, 2022

Mga Pag-amyenda sa Single-Use Cup By-law - may bisa sa Hulyo 1

Noong Marso 2, 2022 inaprubahan ng Vancouver City Council, sa prinsipyo, ang mga pag-amyenda sa by-law para atasan ang mga negosyong tumanggap ng malilinis na reusable cup ng mga kostumer para sa mga inuming in-order sa loob ng tindahan simula sa Hulyo 1, 2022.

Ang pag-aatas na ito ay nagbibigay sa mga kostumer ng opsiyong iwasan ang bayad sa single-use cup at makatulong na mabawasan ang 82 milyong single-use cup na itinatapon sa basurahan bawat taon sa Vancouver, na ayon sa nilalayan ng by-law.

Ano ang kahugan nito para sa mga negosyo:

- Kung ang inyong kasalukuyang plano sa kaligtasan at sanitasyon ng pagkain ay nagpapahintulot sa mga negosyong tumanggap ng mga reusable cup, hinihikayat ka naming gawin na ito ngayon.
- Kung hindi pa pinapayagan ng iyong plano sa kaligtasan at kalinisan sa pagkain ang iyong negosyo na tumanggap ng reusable cups, hinihikayat ka naming i-update ang iyong plano sa lalong madaling panahon at isumite ito sa iyong lokal na awtoridad sa kalusugan para sa pagsusuri at pag-apruba upang maaari mong simulan ang pagtanggap ng mga magagamit muli na tasa bago ang Hulyo 1.

Mga Madalas Itanong

Maaari bang tumanggap ang mga negosyo ng reusable cups ng mga kostumer sa panahon ng COVID-19 na pandemya?

Oo. Sa ilalim ng mga patnubay ng BC Centre for Disease Control at Vancouver Coastal Health, maaaring tumanggap ang mga nagtitinda ng mga reusable cup ng mga kostumer sa panahon ng COVID-19 sa kundisyon na idodokumento ng mga nagtitinda ng pagkain ang polisiya ng tindahan nila at sumusunod sa mga pamamaraan sa pag-iwas ng sakit.

Anong mga paraan ang magagamit ng mga nagtitinda ng pagkain para ligtas na tumanggap at punan ang reusable cups ng mga kostumer sa panahon ng COVID-19 na pandemya?

Ang “Mga Paraan sa Contactless Cup” ay nasa website ng Lungsod sa vancouver.ca/cups. Gamit ng mga cafe at restaurant sa buong mundo, ang mga pamamaraang ito ay ligtas sa pagtanggap ng mga reusable cup ng mga kostumer sa panahon ng COVID-19, at pinapayagan ng Vancouver Coastal Health.

Mag-download ng toolkit sa single-use item sa vancouver.ca/reduce-single-use